# Si Yuan, Ang Aking Kaibigan



Kuwento ni:
**Jacqueline E. Libut**

Guhit ni:
**Kevin B. Banal**






*Pamantayan sa Pagkatuto:*

*Araling Panlipunan 1*
*Natatalakay ang mga pansariling kagustuhan tulad ng paboritong kapatid, pagkain, kulay, damit, laruan at iba pa.*
*AP1NAT-Ic-5*

*Filipino 1*
*Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kwento.*
*F1PN-IIa-3*




DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: **Jacqueline E. Libut**

Guhit at Lapat ni: **Kevin B. Banal**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

PAMPANGA


Si Yuan
Ang Aking Kaibigan



Nasa loob na kami ng silid-aralan. Nagdasal kami bago simulan ang pagsusulit.

Hindi ako binitiwan ng kaibigan kong si Yuan. Nakahawak sa akin ang kaniyang mga kamay.



“Bago simulan ang pagsagot, isulat muna ninyo ang inyong pangalan sa unang guhit,” paalala ng aming guro na si Bb. Rosa.



Ngunit ang aking kaibigan ay hindi pa rin nagsusulat. Tinititigan niya ako na para bang may gusto siyang sabihin.



“Kaibigan, sana hindi natin makalimutan ang ating mga pinag-aralan kagabi,” bulong sa akin ni Yuan habang nakapikit.


A. 8
B. 7

Ramdam ko na masaya si Yuan. Mabilis ang pagsagot niya. Bilog siya nang bilog sa mga tamang sagot.



"Malapit na tayong matapos kaibigan," ani Yuan nang marinig mula kay Bb. Rosa ang hudyat ng huling limang minuto ng aming pagsagot.





Sa muli naming pagsulat, nanghina ako. Biglang naputol ang maliit na bahagi ng aking panulat.


Naiyak ako.



Dugdug! Dugdug! Dugdug!


Ramdam ko ang kaba sa dibdib ni Yuan.

Alalang-alala ang aking kaibigan habang nakatitig sa akin.



Dali-dali niyang kinuha ang kaniyang pantasa.

Habang pinaiikot niya ako sa loob ng pantasa, nababawasan ako at tila umiikli.





“Hayan, matulis ka na ulit, tapusin na natin ang ating pagsusulit,” nakangiting sabi ni Yuan sa akin.





Makalipas ang ilang minuto, ipinapasa na ni Bb. Rosa ang aming mga papel.

"Maraming salamat kaibigan, mabuti na lang at natandaan natin ang ating pinag-aralan kagabi," masayang wika ni Yuan.



“O Yuan, bakit tinititigan mo iyan?” pagtataka ni Bb. Rosa.

“Ma’am, paboritong lapis ko po ito galing kay Nanay,” masayang sagot ni Yuan.





“Paboritong lapis?” nagtataka pa ring tanong ni Bb. Rosa.

“Opo, ibinigay ito ni Nanay bago siya pumuntang Dubai,” dagdag pa ni Yuan.



“Kaya pala nakita ko kinakausap at iniingatan mo talaga ang lapis na iyan,” nakangiting wika ni Bb. Rosa.






"Opo, at ginagamit ko lang po ito tuwing may pagsusulit para hindi ito kaagad mapudpod at lumiit. Parang kasama ko po kasi si Nanay kapag ito ang gamit ko," paliwanag pa ni Yuan.



Tuwang-tuwa ako sa mga sinabi ni Yuan. Hindi ko alam na ganoon pala ang halaga ko sa kanya. Akala ko pa naman ay galit siya sa akin tuwing hindi ako ang ginagamit niyang panulat.





Paborito ko rin si Yuan
kaya iingatan, aalagaan
at gagalingan ko pa ang
pagsulat para sa kanya at sa
pagmamahal ng kaniyang ina.



Pagtitibayin ko rin ang aking sarili para mas tumagal pa at mas maraming pagsusulit pa ang magkasama naming sasagutin ng aking kaibigang si Yuan.



TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**JACQUELINE E. LIBUT:** Kasalukuyang nagtuturo sa Guagua Elementary School, Sta. Filomena, Guagua, Pampanga bilang Teacher III.

**KEVIN B. BANAL:** Kasalukuyang nagtuturo sa Bancal Elementary School, Bancal, Guagua, Pampanga bilang Teacher I.

Ang kwentong ito ay tungkol kay Yuan na anak ng isang OFW. Ikinuwento ito sa atin ng kanyang kaibigan.

Magkalayu man si Yuan at ang kanyang ina, ramdam pa rin nila ang pagmamahal ng bawat isa. Ito ang dahilan kung bakit mapagmahal, maingat at maarugang bata si Yuan.

Paano nga ba napadarama ni Yuan at ng kanyang nanay ang pagmamahal sa bawat isa? Ikaw, mapagmahal, mapag-aruga at maingat ka rin ba?

